

Halalan sa Victoria 2026

Sabado, Ika-labing pito (17) ng Oktubre

Mga Dapat Mong Malaman Para Makaboto

Nakasaad sa impormasyong ito ang mga dapat mong malaman upang makaboto sa Halalan ng Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Victoria sa taong 2026 para sa mga sumusunod na posisyong may apat na taong termino:

- Isang Alkalde
- Walong Konsehal ng Lungsod
- Tatlong Direktor ng CRD
- Dalawang Tagapangasiwa ng Distrito ng Paaralan ika-61 (Lugar ng Halalan sa Victoria)

Makikita rin sa balota ang isang hindi nagbubuklod o nag-oobliga na katanungan:

Sinusuportahan mo ba ang pagsasanib ng Saanich at Victoria upang maging isang munisipalidad?

Basahin ang ulat ng Victoria Saanich Citizens' Assembly tungkol sa pagsasanib sa victoriasaanich.ca.

Mga Maikling Impormasyon

- Ang Pangkalahatang Araw ng Halalan ay sa Sabado, ika-labing pito (17) ng Oktubre, mula ika-walo (8) ng umaga hanggang ika-walo (8) ng gabi.
- Ang mga kwalipikadong botante ay maaaring bumoto sa ALINMAN sa labindalawang lugar ng botohan sa Pangkalahatang Araw ng Halalan.
- Magkakaroon ng limang pagkakataon para sa maagang pagboto.
- Lahat ng lugar ng botohan ay maaaring gamitin ng mga naka-wheelchair at may linya ng prayoridad para sa mga nangangailangan nito.
- Ang mga kahilingan para sa balota sa koreo ay dapat matanggap hanggang ika-apat (4) ng hapon sa Biyernes, ika-siyam (9) ng Oktubre.

Sino ang Maaaring Bumoto?

Para maging karapat-dapat bumoto, ikaw ay dapat:

- isang mamamayan ng Canada; at
- 18 taong gulang o pataas sa Pangkalahatang Araw ng Halalan; at
- Isang residente ng Victoria na nanirahan sa B.C. nang hindi bababa sa anim na buwan; at
- hindi pinagbabawalang bumoto ayon sa batas.

Tandaan: Kung nagmamay-ari ka ng ari-arian sa Victoria ngunit nakatira sa ibang lugar sa B.C., maaari kang maging karapat-dapat bumoto sa halalan ng lokal na pamahalaan ng Lungsod ng Victoria bilang isang “**non-resident property elector**”. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **victoria.ca/election**.

Saan Ako Maaaring Bumoto?

Ang mga kwalipikadong botante ay maaaring bumoto sa **ALINMAN** sa mga sumusunod na lugar sa Pangkalahatang Araw ng Halalan sa **Sabado, ika-labing pito (17) ng Oktubre, mula ika-walo (8) ng umaga hanggang ika-walo (8) ng gabi:**

1. Central Middle School, 1280 Fort St.
2. Crystal Garden, 713 Douglas St.*
3. George Jay Elementary School, 1118 Princess Ave.
4. Glenlyon Norfolk Senior School, 781 Richmond Ave.
5. James Bay Community School, 140 Oswego St.
6. Oaklands Elementary School, 2827 Belmont Ave.
7. Quadra Elementary School, 3031 Quadra St.
8. Quadra Village Neighborhood Gym, 950 Kings Rd.
9. Royal Canadian Legion Branch 292, 411 Gorge Rd. East

10. Sir James Douglas Elementary School, 401 Moss St.

11. Victoria High School, 1260 Grant St.

12. Victoria West Elementary School, 750 Front St.

*Magkakaroon sa lugar na ito ng madaling ma-access na makina ng pagboto o “accessible voting machine”.

Mga Pagkakataon para sa Maagang Pagboto

Magkakaroon ng limang pagkakataon para sa maagang pagboto. Ang lahat ay magsisimula ng ika-walo (8) ng umaga hanggang ika-walo (8) ng gabi, maliban sa Unibersidad ng Victoria na bukas mula ika-sampu (10) ng umaga hanggang ika-apat (4) ng hapon. Magkakaroon ng madaling ma-access na makina ng pagboto sa Victoria Conference Centre at Crystal Garden.

- Ika-pito (7) ng Oktubre: Victoria Conference Centre, Upper Pavilion, second floor, 720 Douglas St.
- Ika-labing tatlo (13) ng Oktubre: Crystal Garden, 713 Douglas St.
- Ika-labing apat (14) ng Oktubre: Crystal Garden, 713 Douglas St.
- Ika-labing apat (14) ng Oktubre: University of Victoria, Student Union Building, Michèle Pujol Room, 3800 Finnerty Rd.
- Ika-labing lima (15) ng Oktubre: Crystal Garden, 713 Douglas St.

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang sinumang karapat-dapat bumoto ay maaaring humiling na bumoto sa pamamagitan ng koreo sa Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Victoria para sa Halalan ng taong 2026.

- Upang humiling ng pakete ng balota sa koreo, bisitahin ang **victoria.ca/election** at sagutan ang “online form” o tumawag sa **250.361.0571**.
- Maaari kang humiling ng pakete ng balota sa koreo hanggang **ika-apat (4) ng hapon sa Biyernes, ika-siyam (9) ng Oktubre taong 2026**.
- Maaaring ibalik ang mga nakumpletong balota sa pamamagitan ng koreo, sa “drop box” sa pasukan ng Lungsod Tanggapan sa Pandora Avenue, sa panahon ng

paunang pagboto, o bago mag ika-walo (8) ng gabi sa isang presinto ng botohan sa Araw ng Pangkalahatang Pagboto.

- Kasama na ang bayad sa koreo para sa mga pakete ng balota na ipinadala sa loob ng Canada.
- Kung humiling ka ng balotang pangkoreo ngunit hindi mo pa ito natatanggap pagsapit ng Pangkalahatang Araw ng Halalan, mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyong Lehislatibo ng Lungsod ng Victoria sa 250.361.0571.
- Dapat matanggap ng Lungsod ng Victoria ang iyong balotang pangkoreo bago mag **ika-walo (8) ng gabi ng Sabado, ika-labing pito (17) ng Oktubre taong 2026** upang ito ay mabilang.

Madaling ma-access na Pagboto

Para sa mga botanteng may pangangailangan sa “accessibility” o madaling ma-access na pagboto, may mga serbisyong makatutulong sa inyong pagboto.

- May linya ng prayoridad para sa mga nangangailangan nito sa lahat ng pagkakataon ng pagboto.
- Ang lahat ng lugar ng botohan ay madaling ma-access ng mga naka-wheelchair
- Ang mga botanteng hindi makapasok sa lugar ng botohan, kabilang ang mga magulang at tagapag-alaga, ay maaaring bumoto sa gilid ng bangketa o sa may paradahan.
- Magkakaroon ng madaling ma-access na makina ng pagboto sa:
 - **Maagang pagkakataon ng pagboto:** Victoria Conference Centre, Upper Pavilion (ika-pito (7) ng Oktubre) at Crystal Garden (ika-labing tatlo (13), ika-labing apat (14) at ika-labing lima (15) ng Oktubre)
 - **Pangkalahatang Araw ng Halalan:** Ika-labing pito (17) ng Oktubre sa Crystal Garden
- May tulong para sa mga botanteng hindi kayang markahan ang kanilang balota dahil sa pisikal na kapansanan o kahirapan sa pagbabasa o pagsusulat. Ang botanteng nangangailangan ng tulong upang markahan ang balota ay maaaring magsama ng ibang tao, na kinakailangang lumagda sa isang deklarasyon, o humingi ng tulong sa isang opisyal ng halalan.

Espesyal na Pagboto

Nakikipag-ugnayan ang Lungsod sa mga kwalipikadong pasilidad ng pangangalagang residensyal o “residential care facility” upang mag-alok ng mga espesyal na pagkakataon para sa pagboto.

Resulta ng Halalan

Samahan kami para sa “live” na resulta ng halalan sa **Sabado, ika-labing pito (17) ng Oktubre, pagkatapos ng ika-walo (8) ng gabi** sa victoria.ca/election.

Katibayan ng Pagkakakilanlan na Dapat Dalhin sa Pagboto

Bisitahin ang victoria.ca/election upang malaman kung kasama ka sa listahan ng mga botante. **Kung kasama ka sa listahan ng mga botante**, kailangan mong magpakita ng isang katibayan ng pagkakakilanlan upang makaboto.

Kung wala ka sa listahan ng mga botante, maaari kang magparehistro upang bumoto sa lugar ng botohan at kailangan mong magpakita ng dalawang katibayan ng pagkakakilanlan bilang patunay ng iyong pagkakakilanlan at lugar ng paninirahan. Ang isa sa mga ito ay dapat naglalaman ng iyong lagda.

Ang mga sumusunod ay tinatanggap na dokumento bilang patunay ng pagkakakilanlan ng botante:

- Lisensya ng Pagmamaneho sa BC *
- Kard ng Serbisyo sa BC na May Larawan*
- Kard ng Serbisyo sa BC na Walang Larawan*
- Kard ng Pagkakakilanlan sa BC
- Sertipiko ng Katayuang Indian na inisyu ng Pamahalaan ng Canada
- Kard ng mag-aaral na inisyu ng isang paaralan pagkatapos ng sekondarya
- Sertipiko ng Kaseguruhan ng May-ari at Lisensya ng Sasakyan na inisyu ng ICBC
- Kard ng Pangangalaga sa BC o Gintong Kard ng Pangangalaga sa BC
- Form ng Kahilingan ng Seguridad para sa patuloy na tulong SDES8
- Kard ng Kaseguruhang Panlipunan

- Sulat ng Kumpirmasyon ng Numero ng Kaseguruhang Panlipunan na inisyu ng Pamahalaan ng Canada
- Sertipiko ng Pagkamamayan ng Canada
- Sulat tungkol sa Buwis ng Ari-arian sa Lungsod ng Victoria
- Pahayag ng mga Benepisyo ng Kaseguruhan sa Trabaho
- Tseke ng Pamahalaan ng BC
- Abiso ng Buwis sa Kita
- Pagkakakilanlan ng Sandatahan ng Canada
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Seguridad sa Pagtanda
- Pasaporte ng mga Taga-Canada
- Sertipiko ng Kapanganakan
- Kard ng Pautang, ATM card, o pahayag ng mga transaksyon sa bangko
- Pahayag ng singil para sa kuryente, natural na gas, tubig, serbisyo ng telepono, o serbisyo ng kable ng coaxial
- Isang kumpleto at nilagdaang Solemneng Pahayag o Deklarasyon na sinaksihan at nilagdaan ng isang Komisyoner ng mga Sinumpaang Salaysay sa Form 12-16

*Ang pinagsamang Lisensya ng Pagmamaneho at Kard ng Serbisyo sa BC ay itinuturing na isang pagkakakilanlan lamang.

Bisitahin ang **victoria.ca/election** para sa isang “video” na makakatulong tungkol sa mga dapat mong malaman upang makaboto, mga mapa ng paradhan para sa bawat lugar ng botohan, at iba pang impormasyon.

Para sa Karagdagang Impormasyon

victoria.ca/election | elections@victoria.ca | 250.361.0571